10

CATCH-UP FRIDAYS

# Iskrip ng Aralin sa Filipino

Kwarter 1 | Linggo 6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Catch-Up Fridays**
**Iskrip ng Aralin sa Filipino**
**Kwarter 1: Linggo 6**
**SY 2024-2025**


PAUNAWA HINGGIL SA KARAPATANG SIPI

2024

Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa bilang 8293, na hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa anomang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan kung saan ginawa ang akda upang pagkakitaan ito. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang magpataw ng royalty bilang kondisyon.

Ang iskrip ng aralin sa Filipino ay nilinang sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera, para sa implementasyon ng K to 12 Curriculum. Alinmang bahagi ng kagamitan na ito ay pinahihintulutang kopyahin o paunlarin para sa layuning edukasyonal lamang bastat' humingi ng pahintulot at kilalanin ang may-ari nito. Hindi pinahihintulutan ang paghalaw ng anomang likha mula rito kung ang layunin ay pangkomersyo o pagkakakitaan.

Ipinauunawa rin na ang kagamitang ito ay nabuo sa tulong ng mga impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian na may karapatang sipi. Kung may pagkukulang sa pagsipi o iba pang kamalian sa kagamitang ito ay hindi sinasadya at ang bumuo nito ay bukas sa anomang pagwawasto.



MGA LUPON

TAGAPAGLINANG/ILUSTRADOR

JOVIE S. AYAT
Teacher III

TAGASURI

PENELOPE F. TICA-A
Associate Professor V

TAGAPAGTIBAY

RINA C. LUNGGAY
Teacher III

MGA KONSULTANT

MAYLYN A. SAMIDAN
Head Teacher VI

ROSEMARIE A. YANGKIN
Regional Education Program Supervisor Filipino

JENNIFER P. ANDE, PhD
CES, Curriculum and Learning Management Division

RONALD B. CASTILLO, CESO V
Director III/assistant Regional Director

ESTELA P. LEON-CARIÑO, EdD., CESO III
Director IV/ Regional Director

| IKALIMANG ARAW | |
|---|---|
| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, MGA PAMANTAYAN AT KASANAYANG PAMPAGKATUTO | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan. (Panitikang Mediterranean) |
| B. *Pamantayang Pagganap* | Nakabubuo ng kritikal na pagsusuri sa mga isinagawang *critique* tungkol sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean. |
| C. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | **(Tuon sa Ikalimang araw)**<br><br>1. Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig F10WG-Ie-f-60 |
| D. *Mga tiyak na Layunin* | Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye tungkol sa aralin.<br><br>Naihahambing ang kapayapaan noon at ngayon gamit ang *Venn Diagram* bilang pagpapahalaga sa natutunan sa paksa.<br><br>Nakibabahagi sa pagtalakay ng aralin. |
| II. NILALAMAN | |
| **Paksa** | Epiko ni Gilgamesh<br>salin sa Ingles ni N.K. Sandars |
| **Tuon ng Integrasyon** | Pangkapayapaan |
| **Tema** | Kapayapaan sa lipunan |
| **Susing Konsepto sa Integrasyon** | Pangkapayapaan |
| III. MGA KAGAMITANG PANTURO | |
| A. *Mga Sanggunian* | Vilma, Ambat C. et al. 2015 Filipino – *Ikasampung Baitang*<br>*Panitikang Pandaigdig:* Pasig City: Vibal Group Inc. |
| B. *Iba pang Kagamitan* | Powerpoint, Sipi ng kanta, larawan, smart TV |
| IV. PAMAMARAAN SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | |
| *Gawaing Pamukaw-kaalaman* | **Guro:** Magandang araw!. Simulan natin ang klase sa araw na ito sa isang panalangin. (Magdarasal na pangungunahan ng nakatakdang manalangin)<br><br>Bago tayo dumako sa ating bagong talakayan ay atin munang balikan ang ating nakaraang leksiyon.<br><br>**Guro:** Ano ang napag-aralan natin noong nakaraan?<br><br>**Mag-aaral 3:** Mga pananda sa mabisang paglalahad ng pahayag |

**Guro:** Napakahusay! Ano naman ang mga halimbawa ng mga pananda sa mabisang paglalahad ng pahayag?

**Mag-aaral:** Una, pangalawa, pangatlo, noon, pagkatapos, sumunod, samantala...

**Guro:** Tama! Napakahusay!

**Gawain 1. Pinoy Henyo**
Panuto: Hulaan kung sino ang mga *super hero* na mabubunot sa inihandang kahon.







https://ph.images.search.yahoo.com

**Guro:** Sino ang nasa larawan?
**Mag-aaral 1:** Captain Barbell
**Mag-aaral 2:** Darna
**Mag-aaral 3:** Spider Man
**Mag-aaral 4:** Batman
**Mag-aaral 5:** Lastik Man
**Mag-aaral 6:** Ang mga nasa larawan ay tinuturing na mga bayani o mga *super hero*.

**Guro:** Ano ang kanilang katangiang taglay?


**Mag-aaral 1:** Captain Barbell - May pambihirang lakas, kapangyarihan at siya ay matapang.

**Mag-aaral 2:** Darna - Si Darna ay isang bayaning may pambihirang lakas, kapangyarihan at siya ay matapang.

| | |
|---|---|
| | **Mag-aaral 3:** Spider Man - Isang bayani na may pambihirang lakas, kapangyarihan, matapang may malasakit at mataas ang moralidad. Siya ay isang simbolo ng responsibilidad at pagkakaisa sa harap ng mga pagsubok.<br><br>**Mag-aaral 4:** Batman - Isang bayani, may *super power,* matalino. Siya ay isang simbolo ng katarungan at pag-asa sa kabila ng mga pagsubok at hamon sa kanyang buhay.<br><br>**Mag-aaral 5:** Lastik Man - May pambihirang lakas, kapangyarihan at siya ay matapang.<br><br>**Mag-aaral 6:** Sila ay may mga kapangyarihang taglay. Mga malalakas at matatapang.<br><br>**Guro:** Kapag sinabing epiko, ano ito?<br><br>**Mag-aaral:** Ang epiko ay may mga pangunahing tauhang nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao.<br><br>**Mag-aaral 1:** Ang Epiko o *Epic* sa wikang Ingles ay uri ng panitikan na matatagpuan sa iba't ibang grupong etniko.<br><br>**Mag-aaral 2:** Ito ay tumatalakay sa mga kabayanihan at pakikipagtunggali laban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil may mga pangyayaring hindi kapanipaniwala. |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Guro:** Mula sa naunang gawain, mayroon na tayong ideya tungkol sa ating pag-aaralan ngayon. Sa tingin ninyo, ano ba ang maaring paksa ng ating talakayan sa araw na ito?<br><br>**Mag-aaral:** Sa aking palagay, ang ating paksa ngayong araw ay tungkol sa mga bayani o mga taong may kapangyarihang taglay.<br><br>**Mag-aaral:** Tungkol po sa epiko ma'am.<br><br>**Guro:** Magaling! Ang ating talakayan ngayong araw ay tungkol sa epiko na tumatalakay sa kapayapaan. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Guro:** Ang epiko ay hindi lamang tungkol sa katapangan at kababalaghan, karamihan ang mga bida ay nakikipaglaban para sa kapayapaan. Ano ang pagkakaintindi ninyo sa salitang **KAPAYAPAAN**?<br><br>**Guro:** Magbigay ng salitang inyong naiisip kapag narinig ninyo ang salitang "kapayapaan."<br><br>**Mga posibleng sagot ng mag-aaral:**<br>Kasaganaan<br>Pagkakaunawaan<br>Pagsasama-sama |

| | |
|---|---|
| | Pagkakaisa<br>Tahimik<br>Pagkakalma<br>Pagkakawanggawa<br><br>**Guro:** Tama! Napakahusay! Muli nating balikan at basahin ang buod ng epiko ni Gilgamesh, epiko mula sa Mesopotamia (Pangkatang pagbasa) |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | |
| *Pagbasa sa Susing Kaalaman/Ideya (Mga Gawain at Demonstasyon)* | **Mula sa Epiko ni Gilgamesh**<br>*salin sa Ingles ni N.K. Sandars*<br><br>Mga Tauhan<br>**Anu** – Diyos ama ng langit<br>**Ea** – Diyos ng karunungan at nagsilbing kaibigan ng mga mamamayan<br>**Enkido** – Matapang na katunggali ni Gilgamesh na kalaunan ay naging matalik niyang kaibigan<br>**Enlil** – Diyos ng mundo pati ng hangin.<br>**Gilgamesh** – Pinuno ng Uruk at pangunahing tauhan ng epiko<br>**Ishtar** – Tinaguriang reyna ng mundo at diyos ng digmaan at pag-ibig<br>**Ninurta** – Diyos ng alitan<br>**Shamash** – Diyos na kaugnay ng batas ng mga indibidwal at ng araw<br>**Urshanabi** – Manlalakbay sa dagat na tinatawag na kamatayan<br>**Utnapishtim** – Biniyayaan ng walang hanggang buhay<br><br>**Si Gilgamesh**<br>Ang hari ng lungsod ng Uruk, na ang dalawang katlo ng pagkatao ay diyos at ang sangkatlo ay tao. Matipuno, matapang, at makapangyarihan. Ngunit mayabang siya at abusado sa kaniyang kapangyarihan. Dahil sa kaniyang pang-aabuso, patuloy na nananalangin ang kaniyang mga nasasakupan na nawa’y makalaya sila sa kaniya.<br><br>Siya ay itinuturing na pinunong may kayabangan at isang abusado. Kung kaya naman ang kanyang nasasakupan ay nananalangin na siya ay magkaroon ng katapat upang mawaksi ang kapalaluhan.<br><br>**Si Enkidu**<br>Ang panalangin ng mga tao ay sinagot ng mga diyos sa katauhan ni Enkidu. Siya ay kasinlakas ni Gilgamesh subalit nang sila ay nagtunggalian, natalo si Enkidu. Subalit kalaunan, naging sanggang-dikit ang dalawa.<br><br>Dahil sa pagkakaibigan, naging magkakampi ang dalawa sa pagpapatumba sa mga kalaban tulad ni Humbaba. Subalit dahil sa patuloy na pakikipagdigma ng dalawa, ang |

| | |
|---|---|
| | mga diyos ay hindi natuwa kaya naman ang isa sa kanila ay nakatakdang mawala, at ito ang naging sanhi ng pagkakaratay ni Enkidu sa mahabang panahon.<br><br>**Ang kahiya-hiyang pagkamatay**<br>Dahil sa pagkakaratay ay nagkaroon ng iba't ibang panaginip si Enkidu na siyang nagbigay ng katuturan sakanya kung bakit niya sinapit ang kinahantungan.<br><br>Binigyan nito ng paalala si Enkidu na siyang nag-udyok upang siya ay manalangin, subalit sa paglipas ng mga araw, binawian ng buhay si Enkidu.<br><br>Hindi makakalimutan ni Gilgamesh ang huling tinuran nito "Kaibigan, pinarusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya.<br><br>Nalungkot si Gilgamesh sa pagkawala ni Enkidu kung kaya naman pitong araw niya utong ipinagluksa. Matapos ng panahong ito, siya ay nagpagawa ng estatwa upang alalahanin ang yumaong kaibigan..<br><br>**Guro:** Para mapalawig ang kaalaman at lalo pang maunawaan, maaari mo ring panoorin sa link na ito.<br>https://www.youtube.com/watch?v=zTSq8XJ1tY4 |
| *Pagpapaunlad ng Pag-unawa sa Susing Kaalaman/Ideya* | **Guro:** Ano ang papel ng pagkakaibigan nina Gilgamesh at Enkidu sa pagtataguyod ng kapayapaan sa kanilang bayan?<br><br>**Mag-aaral:** Ang pagkakaibigan nila ay nagdala ng pagkakaisa, pagtutulungan sa mga hamon, at pagbabago sa ugali ng liderato, na nagresulta sa mas maayos at mapayapang pamumuhay sa kanilang komunidad.<br><br>**Guro:** Paano naging daan ang mga pakikipagsapalaran nina Gilgamesh at Enkidu upang mapanatili ang kapayapaan sa Uruk?<br><br>**Mag-aaral 1:** Ang mga pakikipagsapalaran nina Gilgamesh at Enkidu na may lakas ng loob at tapang bilang mga lider ang nagtaguyod sa kapayapaan at kaligtasan para sa kanilang bayan.<br><br>**Mag-aaral 2:** Pagkakaisa at tiwala sa kanilang pamumuno ang daan upang mapanatili ang kapayapaan sa kanilang komunidad.<br><br>**Guro:** Anong mga nalantad sa epiko na ginawa ni Gilgamesh para sa pagkamit ng kapayapaan? |

| | |
|---|---|
| | **Mag-aaral 1:** Buong puso siyang nagpapakita ng kanyang kakayahan bilang lider na naglalayong protektahan at magtaguyod ng kapayapaan para sa kanyang bayan.<br><br>**Mag-aaral 2:** Ang kanyang mga pakikipagsapalaran ay hindi lamang nagbibigay ng seguridad sa Uruk laban sa mga banta, ngunit nagpapakita rin ng kanyang pagbabago bilang isang tao at lider na nagtataguyod ng tunay na kapayapaan at kaginhawaan para sa lahat.<br><br>**Guro:** Paano natutunan ni Gilgamesh ang kahalagahan ng kapayapaan sa kabila ng kanyang pakikipagsapalaran at paghahanap ng kahulugan ng buhay?<br><br>**Mag-aaral:** Sa pamamagitan ng kanyang mga pakikipagsapalaran at pagsubok. Ang kanyang mga karanasang ito ay nagturo sa kanya ng mga aral na nag-udyok sa kanya na maging mas mabuting lider at tagapagtanggol ng kanyang komunidad, na may pangarap na maabot ang tunay na kapayapaan at kaginhawaan para sa lahat.<br><br>**Guro:** Ano ang kahulugan ng pagtatapos ng epiko kung saan si Gilgamesh ay nagbalik sa Uruk na may bagong pang-unawa sa kapayapaan?<br><br>**Mag-aaral:** Naglalaman ng mga aral at mensahe tungkol sa pagbabago, pag-unlad, at kahalagahan ng kapayapaan sa lipunan. Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng pagbabago at ang positibong impluwensya ng tamang liderato at pag-unawa sa mga halaga ng buhay.<br><br>**Guro:** Napakahusay! Palakpakan nga natin ang ating mga sarili.<br>**Guro:** Naintindihan ba ang ating leksyon sa ngayon?<br>**Mag-aaral:** Opo, ma'am!<br>**Guro:** May katanungan ba kayo?<br>**Mag-aaral:** Wala na po ma'am. |
| *Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Susing Kaalaman/Ideya* | **Gawain 2: Noon at Ngayon**<br><br>**Guro:** Pangkatang gawain: Limang pangkat<br>Batay sa natalakay na buod ng Epiko ni Gilgamesh, paghambingin ang sitwasyong pangkapayapaan noon at ngayon sa tulong ng *Venn Diagram* gamit ang mga salitang pananda.<br><br><br> |

**Guro:** Ibahagi sa harapan ang sagot ng bawat grupo.

**Guro:** Bago tayo magsimula, narito ang pamantayan para sa pagmamarka.


**Pamantayan sa pagmamarka**

| Kraytirya | Napakahusay 15 Puntos | Mahusay 13 Puntos | Nalilinang 10 Puntos | Nagsisimul 8 Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kumpleto at Komprehensibo ang nilalaman ng sulat/talata. Wasto ang lahat ng impormasyon | Kumpleto ang nilalaman talata/sulat. Wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kakulangan sa nilalaman ng talata/sulat. May ilang maling impormasyon sa nabanggit. | Maraming kakulanga sa nilalaman talata. |
| Presentasyon | Malikhaing nailahad ang nilalaman ng talata/sulat. Maayos ang daloy. Malakas ang tinig nga paglahahad. Nauunawaan ang nilalaman talata/sulat | Maayos na nailahad ang talata/sulat. Nauunawaan ang nilalaman. | Hindi gaanong maayos na nailahad ang sulat/talata. Hindi gaanong nauunawaan ang nilalaman. | Hindi maayos na nailahad a sulat/talat Hindi gaanong nauunawa n ang nilalaman. |
| Organisasyon | Organisado, malinaw, simple at may tamang pagkakasunud-sunod ang presentasyon ideya sa talata/sulat. Malinaw ang daloy at organisado ang paglalahad ng kaisipan | Malinaw at maayos ang presentasyon ng mga ideya sa sulat. Malinaw ang daloy ng paglalahad ng kaisipan | Maayos ang presentasyon ng mga pangyayari at ideya. May bahaging di gaanong malinaw | Hindi maayos an presentasy n ng mga ideya. Maraming bahagi ang hin malinaw sa paglalahad ng kaisipan. |
| Kabuuang Puntos | 15 | 13 | 10 | 8 |

**Guro:** (Maaaring magdagdag o magbigay komento sa mga sagot ng mag-aaral)

**Pagkatapos Ituro ang Aralin**

**Guro:** Sino ang mga makapagbubuod ng natalakay natin ngayon?

<table>
<tr>
<td>Paglalahat</td>
<td>Gawin nating dugtungan<br><br>Mag-aaral 1: Ang epikong "Gilgamesh" ay isang mayaman at makahulugang akda ng panitikan na naglalaman ng mga aral at kahalagahan na patuloy na naglalayong magbigay-liwanag at pag-unawa sa kahulugan ng pagiging tao at ng ating pagkakaugnay sa kapwa at sa kalikasan.<br><br>Guro: Napakahusay!</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagtataya</td>
<td>Gawain 3: Opinyon mo’y mahalaga<br><br>Panuto: Pumili ng pinakagustong bahagi ng akda. Suriin at ibahagi kung ano ang mensahe o nilalaman nito.<br><br>


<br>Pamantayan sa pagmamarka<br><br>
<table>
<tr><td>Nilalaman</td><td>10</td></tr>
<tr><td>Kaayusan ng Paglalahad</td><td>3</td></tr>
<tr><td>Gramatika</td><td>2</td></tr>
<tr><td>Kabuuan</td><td>15</td></tr>
</table>
<br>Guro: Iwasto ang sagot ng mga mag-aaral.<br>Magbigay ng feedback.<br><br>Guro: Maliwanag ba ang buong aralin?<br><br>Mag-aaral: Opo, ma’am.<br><br>Guro: Binabati ko ang lahat sa aktibong pakikilahok sa klase sa araw na ito. Tapikin nga natin ang ating balikat at sabihing mahusay, ang galing-galing mo!</td>
</tr>
</table>

Inihanda ni:

**JOVIE S. AYAT**
Teacher III, SDO-ABRA, CAR

Binigyang suri nina:

**PENELOPE F. TICA-A, PhD**
External Evaluator
Associate Professor V
Benguet State University

Pinagtibay nina:

**MAYLYN G. SAMIDAN, PhD**
Head Teacher VI

**ROSEMARIE A. YANGKIN, PhD**
Education Program Superviser-Filipino